Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-8 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - - - - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio
Igg. Jose Antonio V. Lava
Igg. Aron Ronald R. Cruz
Igg. Marbin J. Garcia
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario
Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Rchie E. San Jose
Igg. Miguel Leonardo (SK)

**LAHAT AY NAKADALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 31 - 2022

**"KAPISIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGSANG-AYON SA PAGPAPATIBAY SA RESOLUTION NO. 4, S.2022 NG MUNICIPAL SCHOOL BOARD NA MAY PETSANG HULYO 1, 2022 PARA SA PAGLALAAN (SUPPLEMENTAL) NG PONDONG NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON, LABING WALONG LIBO, ISANGDAAN AT DALAWA AT DALAWAMPU'T WALONG SENTINO (PHP 2,018,102.28) NA NAGBUBUHAT SA 2020 SURPLUS BUDGET NG SPECIAL EDUCATION FUND O SEF"**

Nag-Isponsor: Lupon ng Finance, Budget and Appropriation
Tagapangulo: Igg. Christopher Aron C. Del Rosario, Ka-Tagapangulo: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Miyembro: Igg. Rchie E. San Jose, Igg. Bienvenido M. Cruz Jr., Igg. Aron Ronald R. Cruz

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng batas ng Pamahalaang Lokal 1991, seksyon 272. at DepEd DRM-DILG Joint Circular No. 15, 2017 ay binigyang kapangyarihan ang mga lokal na Sanggunian para sa pag lalabas at pag gamit ng halagang nalikom buhat sa isang porsyentong (1%) buwis sa ari-arian (real property) na natutungo sa espesyal na pondo para sa edukasyon (SEF), na may pasubali na ang pondo ay ibibigay para sa pagpapatakbo at pamamahala ng lahat ng paaralang pampubliko, pagpapagawa at pagkukumpuni ng gusaling pang paaralan, mga kagamitan at kasangkapan, mga pananaliksik, pagbili ng mga pahayagan at aklat, pagpapaunlad ng isports na tinutukoy at pinagtitibay ng sangguniang lokal para sa paaralan;

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ay katuwang ang Pamahalaang Bayan ng Bulakan na naglalayong makapagbigay ng kalidad na edukasyon para sa lahat ng mga mamamayang nasasakupan at pinaglilingkuran, sang-ayon sa itinadhana ng "Seksyon 1, Artikulo XIV" ng ating konstitusyon;

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan ng Sangguniang Bayan ay nakatanggap ng liham buhat sa Tanggapan ng Punong Bayan na may petsang Hulyo 26, 2022 na humihiling na mapag-aralan at makapagpatibay ng isang kapasiyahan para sa katig pagpapatibay ng paglalaan (supplemental) ng pondo na nagkakahalaga ng Dalawang Milyon, Labing Walong Libo, Isangdaan at Dalawa at Dalawampu't Walong Sentimo (Php 2,018,102.28), ito ay magbubuhat sa "government equity" (Surplus 2020) patungo sa "Office Supplies" Php 1,548.020.00 at sa "Capital Outlay" Php 470,000.00, na unang binasa at itinukoy sa kaukulang Lupon noong ika-1 ng Agosto, 2022 sa ika-5 Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** ang Lupon ng Finance, Budget and Appropriations ay nagsagawa ng masusing pag-aaral base sa mga pagdinig at kaukulang dokumento ng "Municipal School Board Resolution No. 04, S. 2022, Statement of Supplemental Appropriation SY – 2022 mula sa DepEd at Certification mula sa Office of the Municipal Accountant, kaya't dahil dito ay nabatid na tama at angkop ang gagawing paglalaan ng pondo (supplemental) na may halaga na Dalawang Milyon, Labing Walong Libo, Isangdaan At Dalawa At Dalawampu't Walong Sentino (Php 2,018,102.28) ay naaayon sa batas at maaring gamitin sa mga nakaplanong proyekto;

**SA MUNGKAHI** ni Igg. Christopher Aron C. Del Rosario na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Pagtibayin Ang Kapisiyahang Nagpapahayag Ng Pagsang-Ayon Sa Pagpapatibay Sa Resolution No. 4, S.2022 Ng Municipal School Board Na May Petsang Hulyo 1, 2022 Para Sa Paglalaan (Supplemental) Ng Pondong Nagkakahalaga Ng Dalawang Milyon, Labing Walong Libo, Isangdaan At Dalawa At Dalawampu't Walong Sentino (Php 2,018,102.28) Na Nagbubuhat Sa 2020 Surplus Budget Ng Special Education Fund o SEF.

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan
09-06-22